## New Impeachment complaint may be filed February vs VP Sara P5



Pres. Marcos Jr.


# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOL. 4 NO. 15 P10.00 JANUARY 5-11 , 2026



REVANZE
Domz B. Caoile

## Sa pagtitiyaga, gagaan ang buhay!

» Nasa , PG. 3

# Talaga?! Zero balance billing na

SA isang pahayag sa social media, sinabi ni Health Secretary Teodoro Herbosa na hindi na kailangan ang guarantee letter mula sa mga politiko dahil ipinatutupad na ng gobyerno ang "Zero Balance Billing" (ZBB) policy.

» See Story , PG.2

# Tsismis lamang, walang bigat mga paratang vs. Bong Revilla


Ex-Sen. Revilla

**HEARSAY. Tsismis, at walang bigat ang mga kasong isinampa laban kay dating Senador Ramon 'Bong' Revilla.**

Ito ang binigyang diin ni Atty. Francesca Senga – abogado ni Revilla – sa inihaing kontra-salaysay sa reklamong direct bribery t korapssiyon na iniimbeti-

» Sundan sa , PG. 2



## 32nd PNP Ethics Day Celebration held at Maragondon MPS

**The 32nd PNP Ethics Day Celebration was successfully held at the Maragondon Municipal Police Station, led by PMAJ Melvin B. Isidro, Chief of Police.**

The event carried the theme of integrity and discipline as the foundation of fast, honest, and people-centered service, aligning with the vision of building a stronger and more trustworthy Philippine National Police.

Gracing the occasion as Guest of Honor and Speaker (GOHS) was Hon. Lorenzo Miguel U. Arca, whose presence underscored the importance of ethical

STORY ON, PG. 2

## 34 CCTV camera ikinabit sa Imus City Public Market




**Magdadalawang-isip ang mga nais gumawa ng kalokohan sa loob at labas ng publikong palengke ng Imus City.**

Nitong unang linggo ng Enero, naglagay ng 34 close circuit television (CCTV) camera upang mapangalagaan ang kaligtasan ng mga manininda at mamimili sa pamilihang publiko.

» Sundan sa , PG.2

## Mayor Brent Tolentino mamigay ng laptop

**Namigay kamakailan ng laptop ang pamahalaang lungsod ng Tagaytay sa mga principal sa lahat ng paaralan sa siyudad.**

Pinangunahan ni Mayor Brent Tolentino ang pamamahagi ng laptop na inaasahang na malaki ang maitutulong o upang mas mapabuti ang komunikasyon, maayos na pgapapatupad ng mga programa sa edukasyon sa mga Kabataang mag-aaral.

Ayon sa alkalde, mahalagang mabigyan ng digital support ang mga paaralan sa si

» Sundan sa , PG.2


EDUCATOR'S BOOTH
Antonio G. Papa, Phd. D.

## Be equipped with proper knowledge

» Story on , PG. 8

# MOA sa pagtatayo ng Korea– Naic Friendship Infirmary nilagdaan

**MAGKAKAROON na ng sariling Infrimary ang munisipalidad ng Naic.**




Nitong Huwebes, Enero 8, nilagdaan ang memorandum of agreement (MOA) sa itatayong Korea-Naic Friendship Infirmary sa layuning makapagbigay ng maayos at maaasahangf serbisyong medikal sa mga residente ng munisipalidad.

Lumagda at sumaksi sa paglagda sa MOA sina Municipal Health Officer Dr. Ma. Carolina P. Matel, Konsehal Rodrigo "Rod" Castillo at konsehal Ryan "Wakay" Flores, at ang mga kinatawan mula sa Open World at Rose Club International.

Ginanap ang lagdaan sa Naic Municipal Hall.

Ayon sa lokal na pamahalaan, ang proyekto aysagisag ng nagkakaisang adhikain ng pamahalaang lokal at katuwang ang Open World at ng Rose Club International ng Korea na makapagbigay ng maasahan serbisyo sa kalusugan sa bayan.

# Rosario holds Flag Raising Ceremony, PNP Ethics Day Celebration

**The Municipality of Rosario, Cavite began the Mondaymorning with a solemn Flag Raising Ceremony led by Mayor Jose Voltaire Ricafrente, Vice Mayor Bamm Gonzales, and members of the Sangguniang Bayan.**

Coinciding with the ceremony was the observance of PNP Ethics Day, carrying the theme "Integridad at Disiplina, Pundasyon ng Serbisyong Mabilis, Tapat at Nararamdaman, tungo sa Bagong PNP para sa Bagong Pilipinas."

The celebration highlighted the vital role of the Philippine National Police in maintaining peace, order, and security, while reinforcing their commitment to efficient, humane, and trustworthy service to the people.

In his message, Mayor Ricafrente expressed gratitude for the opportunity to start the year with renewed collaboration between the local government, the police force, and the community.

He emphasized that integrity, discipline, and honest service are the foundations of a safe, progressive, and prosperous town.

Mayor Ricafrente also encouraged everyone to continue fostering compassion and unity in advancing programs that truly benefit the people of Rosario.

The event was attended by representatives from various agencies including COMELEC, DILG, PNP, BFP, DepEd, and barangay leaders, reflecting the collective support for the occasion.


Mayor Ricafrente

« MAYOR BRENT TOLENTINO ... »MULA SA PAHINA 1

yudad sapagkat ito ay maituturing na isang investment para mas mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa lungsod.

Mananatiling isa sa pangunahing prioridad ng pamahalaang lungsod ang kabutihan at kapakanan ng edukasyon, ayon kay Mayor Tolentino.

Nagbilin ang alkalde na ingatang mabuti ang paggamit sa mga donasyong laptop upang mas mapahusay pa ang pagtuturo sa mga paaralan sa siyudad.



« 32ND PN... »FROM PAGE 1

values in public service.

In his message, Hon. Arca commended the PNP for its continued efforts to uphold professionalism and accountability in serving the people.

He further encouraged the police force and the community to work hand in hand in promoting peace, order, and security.


HINDI na raw kailangan pang makiusap at humingi ng guarantee letter sa mga politiko para makalibre ng pagpapagamot sa mga publikong ospital.

«TALAGA?!.. »MULA SA PAHINA 1

Ibig sabihin, libre na, wala nang babayaran ang isang pasyente na magpapagamot sa mga ospital ng gobyerno at sa mga pribadong ospital na kapartner ng Department of Health (DOH) sa ZBB policy.

Ito, ayon kay Herbosa, ay iniutos ni Pres. Bongbong Marcos upang matamasa ng mahihirap na pamilyang Pilipino ang totoo at makataong serbisyo medikal.

Sa social media, may mga nagpahayag ng pagdududa sa pahayag ni Herbosa, gayunman, nanindigan ang DOH na ipatutupad ng gobyerno ang libreng gamutan sa mga ospital ng gobyerno.

Kaugnay nito, inaanyayahan ng panahayagang ito ang publiko na magbigay ng komento, feedback tungkol sa polisiyang ito.

Ipadala ang komento sa bantaybalitanews59@gmail.com at taparaneliseo@gmail.co

«TSISMIS LAMANG... »MULA SA PAHINA 1

gahan ng Department of Justice (DOJ) kaugnay ng flood control mess sa Bulacan.

Ayon kay Senga, walang batayan, haka-haka lamang at walang katibayan ang mga reklamo sa dating mambabatas sa isinumiteng kontrasalaysay sa DOJ noong Lunes, Enero 5.

Sa interbyu ng media, idiniin ni Senga na walang kabuluhan ang mga reklamo dahil sa mahirap mapaniwalaan..

"The complaint is based on incredible and incompetent evidence," sabi ng abogado ni Revilla.

Hindi kapani-paniwala, walang batayan at mula lamang sa nakagugulat na tsismis at haka-haka ang nilalaman ng reklamo na iniuugnay sa flood control project na iniaward sa Wawao Builders.

Sa naunang pahayag ni Revilla, sinabi na siya ay "Easy Target" at ginamit ang kanyang pangalan upang may maipakitang may mabigat na pangalang maisasangkot sa flood control scandal.

"Salungat sa batas, kontra sa rules of evidence ang complaint kaya hindi na dapat pang pakinggan, sa dahilang walang bigat at wala ring halaga,"paliwanag ni Senga.

Buo ang tiwala ni Revilla na lulutang din ang katotohanan at mapatutunayang gawa-gawa, sabi-sabi at tsismis lamang ang lahat ng akusasyon laban sa kanya./ News Desk

« 34 CCTV... »MULA SA PAHINA 1

Ayon kay Mayor Alex 'AA' Advincula ang pagbili ng CCTV camera ay mula sa pabuya ng pamahalaang lungsod sa tinanggap na 2024 Seal of Good Local Governance award.

"Ang pondong ito ay ibinabalik natin sa Imuseño sa anyo ng mga proyektong may malinaw na pakinabang," sabi ng alkalde.

Nabatid na may itinalagang tauhan ang alkalde upang 24 oras ay imonitor ang naitatalang rekord ng CCTV camera. /JWBilbao

# Sa pagtitiyaga, gagaan ang buhay!



**REVANZE**
Domz B. Caoile

**UNANG linggo ng Enero 2026, anon ang maiinit na balita?**

Sa isyung ito, basahin ang pahayag ng legal counsel ni former Sen. Bong Revilla kaugnay ng mga kasong isinampa laban sa kanya kaugnay ng flood control mess sa Bulacan.

Wala raw bigat ang mga dokumento at ebidensiya na iniharap sa DOJ, kaya, ayon sa counter-affidavit ng ating kababayan, wala raw batayan at kontra sa rules of evidence.

Well, kumpiyansa ang tropang Revilla na madidismis ang kasong bribery at corruption, kasi nga, hindi kapani-paniwala, ayon sa legal counsel, ang akusasyon laban kay Sen. Bong – na sa kanyang Facebook account, relax na relax at balita, may pa-derby pa sa Cavite Coliseum.

Happy birthday ng pala kay Bacoor Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola na elder sister ni Sen. Bong.

Wow, mabilis naman ang action ni Bacoor City Mayor Strike Revilla sa mga reklamo na madilim ang major roads sa lungsod, at ngayon, bukod sa abala sa palaging paglilinis sa waterways, inaayos na ang streetlights.

Ayos, para pag nagmamaneho kami, maliwanag na sa gabi at masisigurado ang kaligtasan ng motorista at pedestrian.

@@@

Pagsaludo sa maagap na pagkilos ng Gen. Mariano Alvarez (GMA) police force sa pagkabigo ng notoryus na Termite Gang na manakawan ang isang pawnshop sa bayang ito.

Agad nakaresponde ang GMA police noong Enero 2, 2026 nang matuklasan ang butas sa sahig at isa pang butas papasok sa vault room.

Salamat at walang natangay ang mga kriminal na ito at narekober ang acetylene tanks at iba pang kagamitan.

Mas mabuting magtimpi at iwasan ang road rage.

Naglabas na ang LTO Naglabas ng Show-Cause Order sa isang Ford Everest driver na nanira ng windshield wiper ng isang pampasaherong bus sa Cavite, at inutusan ang driver na humarap sa kanila sa Enero 14, 2026 habang pinatawan ng y 90-day preventive suspension ang nagwalang driver.

Eto ang magandang balita, sa Naic, 3. 217 Pawikan Hatchlings pinakawalan sa dagat ng Samahan ng Labac Pawikan Patrollers.

Unang araw ng taon, mahigit sa 217 olive ridley hatchlings ang pinakawalan sa Barangay Labac, at matatandaan, noong Oktubre 31, noong isang taon, ang mga itlog ng pawikan ay nailigtas

Mabuhay ang mga tagapangalaga ng ating kalikasan.

@@@

Sa mga magbabayad ng amilyar (hehehe, kasama kami riyan), at ng mga renewal sa mga business permit ang mga LGUs natin sa Cavite ay nagbukas na ng kanilang E-BOSS (electronic business one stop shop) para sa Tax & Business Permits.

May malaking discount sa maagang magbabayad na nag-umpisa na ngayong linggo at matatapos sa kalagitnaan ng Pebrero.

Maging maingat sa mga e-wallet scammer.

@@@

Ayon sa pulisya, nagkaroon ng 5. 75% Drop noong New Year celebrations sa aking lalawigan, mabuti naman at natuto na tayong umiwas sa mapanganib na paputok.

Ito ay malaking tagumpay sa seguridad at ayon sa rekord: Mula 36 kaso (2024) bumaba sa 8 kaso (2025) ang firecracker-related injuries.

Wala o zero stray bullets, indiscriminate firing, road crashes, at firecracker-caused fires, kaya ating purihin ang Cavite police at ang ating LGUs sa magandang pagsalubong sa Bagong Taon.

@@@

May mga congresspeople ba tayo sa Cavite na nababalita na kasangkot sa flood control mess?

Salamat naman at wala tayong nababalitaan, so far.

Wala namang sinasabi ang DPWH Leaks na hawak ni Batangas Rep. Leandro Legarda Leviste bagaman may nakikita tayo sa social media, pero baka tsismis lamang iyon.

Tungkol sa infrastructure projects sa atin, binuksan na ang mga bagong flyovers (Malagasang, Tagaytay), at may itatayong Pala-Pala Underpass at balita natin, tuloy-tuloy ang rehabilitasyon sa Aguinaldo Highway, Governor's Drive, Antero Soriano Highway, at Daang Hari.

Mabuti naman para mabawasan ang masikip na trapiko sa ating mga lansangan.

At ang ating Cavite Province Police Office, wow!, ang sipag nila, lalo na at mahigpit ang disiplinang ipinatutupad ni police colonel Ariel Red, ang ating makisig na police director.

A thousand salutes, mga bossing , salamat po sa inyong pagbabantay sa amin kaya panatag ang araw at gabi naming.

Sa mga kapwa ko ama ng tahanan, lagi tayong magsumikap para sa ating pamilya.

Basta magtiyaga lamang tayo, gagaan din tayo sa kabila ng paghihirap ng kabuhayan.

**Para sa inyong komento, bantaybalitanews59@gmail.com**

# Leviste, Barzaga at San Fernando: Makabagong Gomburza




**Kumakalat sa social media na naglalarawan, sina Batangas 1st District Rep. Leandro Leviste, Cavite 4th Dist. Rep Kiko Barzaga at Kamanggagawa partylist Reo. Eli San Fernando ay ang makabagong Gomburza.**

Nagmula ang social media post sa Facebook account na, "Ako si Makabayan' at tinawag ang tatlong Kabataang mambabatas na -- "Mga bagong pag-asa ng ating bayan."

May mga komento sa social media na sumasang-ayon sa bagong bansag kina Leviste, Barzaga at San Fernando, at ito rin ay sinuportahan ni Atty. Harry Roque, dating tagapagsalita ni dating Pres. Rodrigo Roa Duterte.

Ayon kay Roque, may pagkakatulad sa martir na "GomBurZa" ang tatlong kongresista.

Tumutukoy ang bansag sa tatlong paring Pilipino-- Mariano Gómez, José Burgos, at Jacinto Zamora na binitay ng pamahalaang kolonyal ng Espanya noong Pebrero 17, 1872.

Sa hindi parehas na paglilitis, inakusahang nagudyok ng pag-aalsa sina Gomez, Burgos at Zamora sa nangyaring sa Cavite Mutiny.

Ayon sa maraming historyador, gawa-gawa at tsismis ang paratang kina GomBurZa.

Inihahambing sina Barzaga, San Fernando at Leviste sa GomBurZa dahil sa naipakikitang paninindigan at walang takot na pagbubunyag laban sa korapsiyon, at marami ang nagtuturing na skila ang "bagong pag-asa" ng bayan.

Kamakailan, sinuspind sa loob ng tatlolng buwan i si Barzaga ng House Ethics Committee dahil sa umano, masamang inuugali nito bilang kinatawan.

May bantang isalang din sa Ethics Committee si Leviste dahil sa paratang na marahas na paratang na sangkot sa anomalya ang kapwa ,mambabatas, kaugnay ng "DPWH Leaks."

Gayundin si San Fernando dahil sa mahahayap na pagtuligsa sa katiwalian at ang masasakit na salitang ipinatungkol sa Exec. Secretary Ralph Recto.

Sa maraming komento sa social media, marami ang nagsasabing sinusuportahan ang bagong bansag sa tatlo bilang "makabagong GomBurZa." / Eli Ramos-Taparan II

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder
DOMZ B. CAOILE
Publisher
ELI RAMOS TAPARAN
Editorial Consultant
JANETH W. BILBAO
Circulation Manager
GENE T. TAN
Chief of Reporters
ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director
JIMMY C. SABERON
Layout & Design

member
papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by Bantay Balita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay naTubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / tapaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artkulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal: gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sas iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahng sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sino mang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAY BALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anumang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinion expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

# Justice for Konsi Lito Zamora!



**MAKIKIRAAN PO**

Janeth W. Bilbao

**KAYA pala madalas ay malungkot ang kasama namin sa pahayagang ito, at kapwa kolumnista at aming special projects director na si Ms. Adela Rustia Zamora dahil may limang (5) taon na ang nakalilipas mula nang walang awang patayin dating Barangay Loma de Gato Councilor Joselito 'Leclec' Rustia Zamora.**

Pebrero 4, 2021, pinatay si Konsi Leclec sa loob ng isang meat shop sa Heritage LDG sa Marilao, Bulacan, at wala pa ring malinaw sa imbestigasyon ng pulisya sa krimen.

Kabilang na ba sa 'unsolved case' ang pagpatay kay Konsi Leclec at malabo nang matamo ang hustisya ng pamilya nito, lalo na ang kanyang ina, si Mommy Adela na isang beteranang mamamahayag at dating National Press Club Director.

May dinakip na lobe gunman na itinurong accomplice – na hindi mapaniwalaan ng pamilya ng biktima – si Mark Christian Rayco na delivery boy ni Konsi Zamora na namatay rin sa pinangyarihan ng krimen.

Kaugnay nito, nananawagan ang mga residente ng Brgy. Loma de Gato sa pulisya muling buksan ang imbestigasyon sa krimen, lalo na at para sa kanila, hindi nararapat na hayaang manatiling malaya ang utak sa pagpatay.

Kilala si Konsi Leclec sa lugar na isang matulungin at mapagkakatiwalaang opisyal at malaking kawalan para sa kanila ang trahedya ng kamatayan nito.

Nabatid na maging si i Atty. Jemina "Jem" Sy – kilalang lider politiko ng Marilao – ay nakikiisa sa panawagan sa pulisya ng Marilao na muling buksan ang imbestigasyon sa pagpatay kay Konsi Leclec.

"S Konsi Lito ay nakilala ko noong 2019 election. Sadyang matulungin, tunay makisama at may tunay na malasakit sa mamamayan," sabi ni Atty. Jem Sy.

Patuloy, sinabi ni Jem Sy na kailangang mabigyan ng hustisya ang ginawang pagpatay kay Konsi Lito.

Tanghaling tapat, nasa tabing kalsada lamang ang meat shop na pinangyarihan ng krimen, paanong wala ni isa man lamang nakasaksi sa pagpatay kay Konsi Zamora, tanong ng residente ng Brgys Loma de Gato.

Nangyari ang pagpatay, bandang alas 9 ng umaga, na balewala lamang na umalis pagkapatay kina Konsi Lito at kasama nito.

Sa pagtakas, naglakad ang killer sa isang nakaparadang motorsiklo na naghihintay ang driver nito at mabilis na umalis sa lugar, ayon sa paunang imbestigasyon.

Kaugnay nito, madamdaming humihingi ng tulong si Ms. Adela Zamora sa otoridad at sa Malolos police na muling siyasatin ang mga pangyayari at motibo sa pagpatay sa kanyang anak.

Nawa ay makamit ni Konsehal Lito ang katarungan at nang matahimik na ang kanyang Espiritu sa kalangitan.

It's ironic na sa maraming pagkakataon, maraming natulungan si Mommy Adela sa pamamagitan ng kanyang matapang na pamamahayag, pero sa kaso ng kanyang anak – si Konsi Leclec --, parang walang nangyayari sa kabila ng kanyang panawagan at pakiusap na matulungan siya na makamit ang hustisya sa pagkamatay ng kanya ng anak.

Sana, mabilis na kumilos ang Marilao police at malutas na nila ang pagpatay kay Konsi Leclec Zamora.

Sana, ngayong taon, makamit na ang matagal nang inaasam na hustisya at tuluyan nang maparusahan ang mga kriminal.




## UA hiniling na alisin sa 2026 budget

**Lumalabag sa Konstitusyon ang inilagay na P6.793-trilyong badyet sa lahat ng l Unprogrammed Appropriations (UA) sa pambansang badyet ngayong 2026.**

Ito ang isa sa mga dahilang inihain nina House Senior Deputy Minority Leader Edgar Erice at Mamamayang Liberal (ML) Party-list Rep. Leila de Lima sa Supreme Court (SC) na ikinatwirang dapat ay malinaw sa kung saan, kailan at paano gagastusin ang pondo ng gobyerno.

Dahil sa UA, sinabi ng Dalawang mambabatas na magagawa ng gobyerno na gumastos nang higit sa inaasahang kita ng gobyerno muna sa buwis na makokolekta.

"A budget that authorizes spending without identifiable sources is not a budget in the constitutional sense," banggit sa petisyon.

Ipinagbabawal iyon ng Konstitusyon, sabi sa petisyon sa SC.

Batay sa depinisyon, ang UA ay popondohan mula sa sobrang koleksiyon ng buwis o sa anomang pondo na matitipid ng gobyerno.



Rep. de Lima



Rep.Erice

# Bailen honors former Senator Francis 'Tol' Tolentino on his birthday

**Fondly called the 'Tol' (short of Utol or Kaputol) former Senator Tolentino continues to be recognized for his unwavering support and dedication to communities across the country—including Bailen, where his contributions remain deeply valued.**

In a heartfelt message, Mayor Dennis Glean of Bailen expressed gratitude for the former senator's consistent guidance and assistance to the town.

Mayor Glean emphasized that Senator Tolentino's commitment has been instrumental in uplifting Bailen and strengthening its vision of "Bagong Bailen, Is Better Bailen."

"We are truly grateful for Senator Tolentino's enduring support for Bailen. His dedication inspires us to continue building a government that is both reliable and compassionate," Mayor Glean shared.

As Bailen moves forward under Mayor Glean's leadership, the town remains united in honoring leaders like Senator Tolentino who embody service, integrity, and care for the people.

Happy Birthday, Former Senator Francis 'Tol' Tolentino!



# New Impeachment complaint may be filed February vs VP Sara

**A major story from the South China Morning Post highlights criticism over the Armed Forces of the Philippines' decision to retain VP Sara Duterte as commander of an Army reserve unit, despite her past incendiary remarks.**



This contrast is being interpreted as a sign of the deepening rift between Marcos Jr. and Duterte ahead of 2028.

News reports said House leaders say a new impeachment complaint against VP Duterte may be filed next month (February 2026), even though the Supreme Court has not yet resolved the House's appeal regarding the 2025 impeachment ruling.

This keeps the political pressure on her office.

At the Senate, Sen. Sherwin Gatchalian clarified that impeachment was not discussed during the 2026 budget deliberations, countering Sen. Imee Marcos' claim that the budget was being used to revive impeachment efforts.

In another development, a separate global news cycle compared the arrest of Venezuela's Nicolás Maduro to the earlier arrest of former President Rodrigo Duterte.

This is not directly about VP Sara, but it keeps the Duterte name in international political discussions.

This means in the broader political landscape the intensifying political tension between the Marcos and Duterte camps.

# Tiwala ng bayan sa Senado at Kamara, patuloy sa pagbagsak

**Isarado na ang Kongreso!**

Ito ang masakit na kantiyaw ng netizen sa patuloy na pagbagsak ng approval rating ng mga Pilipino sa Senado at sa Kamara de Reprsentantes, ayon sa resulta ng Palar 2025 End-of-the-Year Survey.

Sa survey ay naklita ang pinakamalaking pagdausdos ng tiwala ng taumbayan sa mga mambabatas.

Naitala ng Palar na bumaba ang tiwala sa Senado mula 28% patungong 24% samantala, mula sa 21% bumaba sa 20% ang trust rating ng mga kongresista.

Narito ang resulta ng survey sa iba pang ahensiya ng gobyerno;

Department of Health -- 49%-44%; Dept. of Trade and Industry -- 42% - 34%; Dept. of Transportation -- 42% 37%; Dept. of Agrarian Reform --38% - 35%; Dept. of Treasury at DEvDEP (dating NEDA)-- 35% -31%.

---

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF
Dasmariñas City, Cavite

**PHILIPPINE NATIONAL BANK,**
**In its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank,**
**Mortgagee,**

**-versus-**

**MARK ANTHONY DE GUZMAN BALINAS**
**Represented herein by his Attorney-in-Fact Mervin D. Balinas,**
**Debtor / Mortgagor.**

x--------------------------------------------------x

**File No. FC-DC-2013 – 25**
For: **Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act No. 3135 as amended by Act No. 4118**

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118 filed by the petitioner / mortgagee, **PHILIPPINE NATIONAL BANK**, a banking institution duly organized and existing under and by virtue of the laws of the Philippines, with postal address at PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City against the debtor / mortgagor, **MARK ANTHONY DE GUZMAN BALINAS represented herein by his Attorney-in-Fact Mervin D. Balinas**, with postal address at Lot 79 Blk 27-C, Area 1, Brgy. NBBS, Navotas City; Blk. 27 Lot 79, Phase 2, Area 1, Brgy. NBBS, Dagat-Dagatan, Navotas City; Lot 19 Blk. 5, The Villas at Dasma Highlands, Brgy. San Agustin 1, Dasmariñas City, Cavite; and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of **30 November 2025** amounts to **THREE MILLION FIVE HUNDRED THIRTY FIVE THOUSAND FOUR HUNDRED FORTY THREE PESOS & 70/100 (Php 3,535,443.70)**, exclusive of legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **February 13, 2026 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter at the Ground Floor Lobby, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Burol 1, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit :

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**No. 057-2020026661**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in San Agustin, Dasmariñas, Cavite, bounded and described as follows:

A parcel of land (Lot **19** Blk. 5 of the consolidation-subdivision plan, PCS-04-025907, being a portion of the consolidation of Lot 3829 (Rs-04-005086), & Lot 6159 Imus Estate, L.R.C. Record No. ) situated in the Brgy. of San Agustin, City of Dasmariñas, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 20, Blk. 5; on the SW., along line 2-3 by Lot 21, Blk. 5; on the NW., along line 3-4 by Road Lot 10 (8.00 m.w.); and on the NE., along line 4-1 by Lot 17, Blk. 5, all of the consolidation-subdivision plan. Beginning at a point marked "1" on plan being S. 45 Deg. 29'W., 430.62 m. from LM No. 145, Imus Estate;

Thence S. 52 Deg. 23'W., 6.00 m. to point 2;
Thence N. 37 Deg. 37'W., 11.00 m. to point 3;
Thence N. 52 Deg. 23'E., 6.00 m. to point 4;
Thence S. 37 Deg. 37'W., 11.00 m. to the point of beginning;

containing an area of **SIXTY SIX (66) SQUARE METERS, More or Less.** All points referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by P.S., CYL. CONC. MONS 15x40 cms; Bearings true; Date of original survey July 27, 1905 – June 11, 1908 and that of the consolidation-subdivision survey, August 1– 15, 2009 and was approved on Dec. 13, 2011.

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **February 27, 2026** at the same time and place without further notice.

Dasmariñas City, Province of Cavite, January 9, 2026.

**GERALD A. FARGAS**
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA [illegible]. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

PUBLICATION :**"Bantay Balita"**
DATES : January 5, 12, 19, 2026
Raffle Date of Judicial Notices : December 23, 2025

Copy furnished :
**PHILIPPINE NATIONAL BANK**
PNB Financial Center,
Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City

**MARK ANTHONY DE GUZMAN BALINAS**
**represented herein by his**
**Attorney-in-Fact Mervin D. Balinas**
Lot 79 Blk 27-C, Area 1, Brgy. NBBS, Navotas City

Blk. 27 Lot 79, Phase 2, Area 1,
Brgy. NBBS, Dagat-Dagatan, Navotas City

Lot 19 Blk. 5, The Villas at Dasma Highlands,
Brgy. San Agustin 1, Dasmariñas City, Cavite

Notice Posted at :

1. **The Bulletin Board of Regional Trial Court Dasmariñas City, Cavite**
2. **The Bulletin Board of Dasmariñas City Hall**
3. **The Bulletin Board of Dasmariñas City Post Office**
4. **The Bulletin Board of Dasmariñas City Public Market**

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**January 5, 12 & 19, 2026**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE CORNELIO ALGARA WHO DIED ON APRIL 16, 2000 AT BRGY. SALAWAG, DASMARIÑAS CITY, CAVITE AND CRESENCIA ALGARA WHO DIED LAST OCTOBER 15, 2025, LEFT A PARCEL OF LAND, SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF DASMARIÑAS, PROVINCE OF CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-71307, CONTAINING AN AREA OF SIX HUNDRED (600) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GABRIEL B. OCTAVA, UNDER DOC. NO. 419 PAGE NO. 84 BOOK NO. III, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 18, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 22, 29 & JANUARY 5, 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS AND DEED OF ABSOLUTE SALE OF A PORTION OF PARCEL OF LAND**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE VITO DIAZ AMON WHO DIED ON APRIL 18, 2004 AT BRGY. LALAAN 1ST, SILANG, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND DESCRIBED AS FOLLOWS: TAX DECLARATION NO. AA-18-003198, SITUATED IN BRGY. LALAAN 1ST, SILANG, CAVITE, CONTAINING AN AREA OF THREE HUNDRED THIRTY-FOUR (334) SQUARE METERS AND A RESIDENTIAL BLDG. SITUATED IN BRGY. LALAAN 1ST, SILANG, CAVITE, COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-18-0031-01399 CONTAINING AN AREA F SIXTY-SIX (66) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CHERILIE D. BUGARIN, UNDER DOC. NO. 320 PAGE NO. 65 BOOK NO. III, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 17, 2025

**BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES**
**DECEMBER 22, 29 & JANUARY 5, 2025**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON DIEGO NUESTRO AUSTRIA WITH ABSOLUTE SALE**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **DIEGO NUESTRO AUSTRIA** WHO DIED ON DECEMBER 11, 2018 AT TRECE MARTIRES CITY, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-27114, SITUATED IN THE BRGY. OF AGUADO, MUNICIPALITY OF TRECE MARTIRES, PROVINCE OF CAVITE, CONTAINING AN AREA OF ONE THOUSAND TWO HUNDRED FORTY-SEVEN (1,247) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 222 PAGE NO. 45 BOOK NO. 181, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE JUNE 11, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**January 5, 12 & 19, 2026**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF SHELMA VILLORENTE VENTURA WITH DEED OF DONATION**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SHELMA VILLORENTE VENTURA** WHO DIED ON JULY 14, 2025 AT PARAÑAQUE CITY, LEFT A PARCEL OF LAND, SITUATED AT PASONG KAWAYAN, GENERAL TRIAS, CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2019020708, CONTAINING AN AREA OF SIXTY-ONE (61) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO, UNDER DOC. NO. 352 PAGE NO. 71 BOOK NO. 186, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE NOVEMBER 26, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**January 5, 12 & 19, 2026**

**ADDENDUM TO THE EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED VOLTER VARONA WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

THE EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED **VOLTER VARONA** WITH DEED OF ABSOLUTE SALE EXECUTED IN GENERAL TRIAS, CAVITE, ON 7TH DAY OF JANUARY 2025 UNDER DOC. NO. 92, PAGE 19, BOOK NO. 1, SERIES OF 2025 AT GENERAL EMILIO AGUINALDO MEMORIAL HOSPITAL CITY OF TRECE MARTIRES, TO THE ESTATE OF VOLTER VARONA WHO DIED ON AUGUST 28, 2023 THAT THE PARTIES AGREE TO MAKE THE FOLLOWING ADDITION/ADDENDUM BELOW, THAT SAID DECEASED LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED AT BLK. 40 LOT 2, TIERRA SOLANA, BRGY. OF BUENAVISTA III, MUNICIPALITY OF GENERAL TRIAS, PROVINCE OF CAVITE, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2025020056, CONTAINING AN AREA OF FIFTY (50) SQUARE METERS, THESE ADDITIONS SHALL BE MADE VALID IF THEY ARE INCLUDED IN THE ORIGINAL STATED EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE SAID DECEASED, EXTRA JUDICIALLY SETTLED BY NOTARY PUBLIC ATTY. ARNEL A. JANABAJAL UNDER DOC. NO. 92 PAGE NO. 19 BOOK NO. 01 SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE JUNE 26, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**January 5, 12 & 19, 2026**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED SPOUSES PERSON JULIA ROGADOR AND ARCADIO HERNANDO**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE SPOUSES **JULIA ROGADOR AND ARCADIO HERNANDO** WHO DIED ON APRIL 23, 1980 AND DECEMBER 28, 1996 AT BRGY. KAYTITINGA I, ALFONSO, CAVITE, LEFT A PARCEL OF LAND, SITUATED IN BRGY. KAYTITINGA 2, ALFONSO, CAVITE, COVERED BY TAX DECLARATION NO. AA-01-0010-01021, CONTAINING AN AREA OF TWO THOUSAND TWO HUNDRED TWENTY-ONE (2,221) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. JOAN FERRER BINAMIRA, UNDER DOC. NO. 90 PAGE NO. 19 BOOK NO. IV, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE JUNE 02, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**January 5, 12 & 19, 2026**

**AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **BRENDA G. SUDARIO** WHO DIED ON FEBRUARY 27, 2024 AT BRGY. SAN LORENZO, MAKATI CITY, LEFT A PARCEL OF LAND, SITUATED AT BRGY. QUINTANA, TRECE MARTIRES CITY, CAVITE, CONTAINING AN AREA OF FIFTY (50) SQUARE METERS, COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-17494, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GABRIEL B. OCTAVA, UNDER DOC. NO. 421 PAGE NO. 85 BOOK NO. IV, SERIES OF 2025, NOTARIZED DATE DECEMBER 15, 2025

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**December 22, 29 & January 05, 2026**

# Masiglang pista ng Ternate, dinayo ng lokal at dayuhang turista

**Pinasalamatan ni Mayor Lamberto Bambao ang pakikiisa ng mga kababayan sa katatapos na Dalawang araw na pista noong Enero 5-6.**

Sa mfa video coverage na trending sa social media, nakita ang masayang prusisyon, sayawan, kagalakan sa pagsasalo-salo ng mga pagkaing inihanda kaugnay ng tradisyonal na pagdiriwang sa Señor Santo Niño.

Maraming residente ng kalapit bayan ng Naic, Maragondon, Magallanes at iba pa, pati ang dumayong taga-Metro Manila ay nakipagsaya dahil kilala ang Ternate sa makulay at debotong selebrasyon.

Kaugnay ng nakaraang pagdiriwang ng Bagong Taon 2026, inireport ng Cavite Provincial Police Office (CPPO) na 75% ang pagbaba ng insidente sa paputok.

Ayon sa ulat kay CPPO director, Colonel Ariel Red, mula a 36 kaso noong 2024, bumaba ito sa 8 kaso noong 2025.

Wala ring ulat na may nagpaputok ng baril, anomang aksidente at sunog sa buong lalawigan.





Nakinabang ang Ternate sa ligtas na pagdiriwang ng Bagong Taon.

Nabatid na maging ang dayuhang turista ay dumarating sa Ternate ngayong buwan dahil sa malamig na panahon at sa mapagkaibigang pakikisama ng mga residente ng munisipalidad. / Domz B. Caoile

# General Trias City government receives 100 nebuloizers, 100 wheelchairs

**Very generous wedding goochildren!**

Mayor Jon-Jon Ferrer


PHOTO COURTESY: FB/JON-JON FERRER

s has received a donation of 100 nebulizers and 100 wheelchairs from his couple Arnold and Carlene Campana-Tacos – his 'inaanak sa kasal', and thanked them for their generosity.

Ferrer said that the donation will help the city's senior citizens who badly need the said donations.

"Malaking ginhawa ito sa pamumuhay ng ating seniors at mga kababayang may kapansanan, at sa mga nagdaranas ng sakit tulad ng asthma," said Mayor Ferrer.

He added:" Sa aming inaanak, maraming-maraming salamat sa inyong donasyon. Magbibigay ito ng pag-asa para maging mas maginhawa ang pang-araw-araw na pamumuhay ng ating kababayan. Thank you for your generosity."



Workaholic: Unang araw, nagtrabaho sa ospital si Gov. Sol para mamigay ng facemask, mamigay ng mga gamot, vaccines para sa iba-ibang sakit, kasama ang anti-venom,

Ikalawang linggo ng Enero, matiyaga, inisa-isa ang mga dokumento na dapat basahin, okeyan at pirmahan,



mga , request na kung kaya, sosolusyonan agad-agad, kung kailangan ang mabusising pag-aaral, inaaral at ipinadadala sa mga kinauukulang opisyal ng lalawigan na may higit na alam, espertise at kakayahan.

At kahilingang bayarin, payout (ulit) para sa ayudang pinansiyal, gamutan, gastos sa punerarya, atbp.

Wika ng gibernadora, "mahigit dobele po o libo-libo kada buwan ang mga nag-apply sa medical at burial assistance, kumpara sa mga nakaraang taon."

Mas lumaki ang badyet na kailangan ng pamahalaang panlalawigan, at buo ang pagtitiwala ni Gob. Aragones, magagawan ng paraan, at katuwang ang mga opisyal ng bayan, " Ginagawan po namin ito ng paraan na matulungan lahat sa abot ng ating makakaya. "

At ang pusong matatag sa paglilingkod ay sinabi ng gobernadora: "Kaya at Kakayanin natin ito ng sama sama"

Sa pagkakaisa, sa pagtutulungan, sab inga, makakaya, magagawa, kayang maipatupad ang ninanais, basta!







# Manong Chavit urged Filipinos to join a "one time, bit time" rally vs PBBM

**Former Ilocos Sur Governor Chavit 'Manong Chavit' Singson publicly urged Filipinos — including religious groups, civil society, and people "from left or right" — to join a "one-time, big-time" rally aimed at denouncing alleged corruption in government flood-control projects and pressuring President Ferdinand Marcos Jr. to resign.**

In a press conference the other day, Singson said the rally should happen "as soon as possible", and that he would personally reach out to religious organizations to mobilize them.

Manong Chavit has repeatedly accused the administration of failing to curb corruption and has previously joined anti-corruption rallies in 2025 where he also called for Marcos' removal.

Palace Press Officer Claire Castro said Singson's call to "remove the president" could be considered inciting to sedition, which is a criminal offense under Philippine law.

She emphasized that encouraging people to overthrow the president meets the legal definition of sedition, though it is up to the Department of Justice (DOJ) to investigate and decide whether charges.

Singson has been vocal about alleged anomalies in flood-control projects and has challenged both President Marcos and House Speaker Martin Romualdez to a public debate on the issue.

His criticisms intensified after he claimed that corruption in government had become "brazen" and that the situation "started with PBBM" (President Bongbong Marcos Jr.).

The Palace previously condemned his earlier remarks in 2025 as "seditious" when he joined an anti-corruption rally and called for Marcos' ouster.

**We partner only with business owners we believe in. Advertise with us - email: bantaybalitanews59@gmail.com For other concerns, email: taparaneliseo@gmail.com Let's grow together!**

# Be equipped with proper knowledge

*First of two parts*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOL. 4 NO. 15 P10.00 JANUARY. 5-11, 2026

**DOCTORS prescribe appropriate medications to cure a particular disease based on the diagnosis of its symptoms. Meaning, the prescription was made by the authorities after a thorough study or analysis has been properly done.**

Proper knowledge of something, of what we are going to do, if something went wrong unexpectedly, really helps us ease out the problem.

Presently, there is a catastrophic prediction that a big disaster is going to happen sooner or later. The magnitude of the tragedy, if it happens, is too huge so that the authorities called it The Big One.



EDUCATOR'S BOOTH
Antonio G. Papa, Phd. D.

Lately, Cebu, Davao Oriental, and Zambales have been rocked by this catastrophic events – a series of earthquakes and aftershocks.

**The Big One**

The Philippines is included among the countries engulfed by the Pacific ring of fire. Hence, the country is succumbed to strong earthquakes which may cause tsunami and eruption of active volcanoes.

**The Pacific Ring of Fire**

Authorities, especially the Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAG-ASA), has announced that at present period of time, this phenomenon is too ripe and would eventually occur anytime.

For example, a strong earthquake with a magnitude of 7.2 is estimated to damage large properties, and around 50,000 people and 165 buildings will be severely affected in Metro Manila.




It is the reason why both the national government and local government units (LGUs) are preparing intensively for this projected disaster. The more observed evidences are the signages being posted by LGUs, almost in all strategic places referring to the identified evacuation centers.

Likewise, all government agencies and private entities, including educational institutions, are conducting drills to avoid too much damage both to people's lives and properties.

All sectors are educating their respective constituents through various seminars and training programs to prepare them when this event happened.

**Knowledge is power**

The following tips are very important for everyone to learn and be prepared for, according to authorities:

-If the strong earthquake strikes and you happen to be inside a home or a building, remember to do the "duck, cover and hold"; stay away from objects which might fall; then quickly leave the area after the quake and head straight to the nearest evacuation area.

--Stay away from trees, buildings, and electrical post and head on to an open area, if you are outside. Also, ensure that the injured, elderly, children, expectant mothers, and person with disability will be prioritized.

--Before an impending tsunami hits a particular region, especially the coastal areas, make sure that you are aware of the evacuation plan in your community, participate in drills, and designate a meeting point of the family or neighborhood.

--After the disaster happens, leave the evacuation area only if you are told to do so by the LGU authorities, check if someone is missing, and bring the injured to the nearest medical facility.

--These catastrophes are like thieves in the night. We can never be a hundred one percent ready but preparedness is definitely workable beforehand.

The above information are very helpful tips, the proper disaster education to learn, so that when The Big One occurs, readiness is the key for safety reaction.

If people are serious in preparing to mitigate the effects of The Big One, they must also be very serious in preparing for the "Real Big One".

If you want to know more about the things you ought to do to be saved come Judgment Day––the Second Advent of Lord Jesus Christ––please call telephone numbers +632 981-4311 / 981-1111 / 719-78000 or address your queries at E-mail: pasugo@iglesianicristo.org.ph.

# P1.34 trilyong badyet ng DepEd, ipinagmalaki ni Angara

**Mababawasan ba raw ang bilang ng mga guro nan ais magtrabaho sa ibang bansa.**

Ito ang kumpiyansang sinabi ni Education Secretary Sonny Angara dahil sa inilaang P1.34-trilyong budget para sa edukasyonm at ito ay lulutas sa mga problemang hinaharap ng sektor ng edukasyon.

Ayon kay Angara, mahigit sa 65,000 bagong teaching at non-teaching position ang mapopondohan ng P15.4 bilyon na dahil dito, maraming LET passers ang magkakatrabaho sa Department of Education (DepEd).

Kasama rin sa programa ang programa para sa promosyon ng g humigit-kumulang 16,000 guro at magandang dahilan ito upang hindi na sila mag-ambisyong magtrabaho sa ibang bansa.

Wika ni Angara, maraming guro ang umaalis upang magtrabaho sa ibang bansa dahil sa kawalan ng promosyon at mabagal na pag-angat ng suweldo—isang problemang tinutugunan na ngayon ng gobyerno.

Inaasahang mahigit sa mahigit 100,000 guro posibleng maitaas sa tungkulin ngayong taon, at kalakip nito ang dagdag sa kanilang sahod kada taon./ Beth S. Junio

